



Tagalog

## PAUNAWA

Nagtutulungan ang Kagawaran ng Edukasyon (DOE) at Kalusugan (DOH) ng Estado ng Hawaii sa pagbubuo ng mga paraan upang maprotektahan at matiyak ang kalusugan ng ating mga anak. Alam naming ang pagbibinata at pagdadalaga ay isang yugto kung saan napakaraming nangyayaring pagbabago sa katawan, sa emosyon, at sa pakikipagkapwa-tao, at makakatulong ang pisikal na pagsusuri sa pag-iwas sa pagkaroon ng mga problema sa kalusugan.

### **Ihanda ang iyong Anak sa Ikapitong Grado**

Hinihingi ng batas ng Estado na ang lahat ng mag-aaral sa pampublikong paaralan ay sumailalim sa kumpletong pisikal na pagsusuri, na tinatawag rin na well-child visit, sa loob ng 12 buwan bago tumuntong ng ikapitong grado.

Mahalagang magplano nang maaga at mag-iskedyul ng appointment para sa iyong anak bago magsimula ang taon ng ikapitong grado. Ipaalam sa paaralan kung kailangan mo ng mas mahabang oras dahil sa pag-iiskedyul.

### **Sino ang kwalipikadong magsagawa ng pisikal na pagsusuri?**

Ang isang pisikal na pagsusuri ay isinasagawa ng isang doktor, nars, o ibang propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan.

### **Magkano ang isang pisikal na pagsusuri?**

Kapag nag-iskedyul ng appointment para sa iyong anak, humiling ng isang **well-child visit** upang matanggap itong libreng taunang benepisyo sa ilalim ng Patient Protection and Affordable Care Act (ACA).

### **Anong mangyayari sa panahon ng pisikal na pagsusuri?**

Huwag kalimutang dalhin ang nakalakip na Tala ng Kalusugan ng Mag-aaral (Student's Health Record (Form 14)) para makumpleto ng doktor sa panahon ng pagbisita. Gamitin ang panahong ito para makapagtanong ka at ang iyong anak tungkol sa kalusugan at pagkakaroon ng magandang pakiramdam.

### **Anong gagawin ko sa nakumpletong Tala ng Kalusugan ng Mag-aaral (Form 14)?**

Isumite ang nakumpletong Form 14 sa paaralan ng iyong anak kapag nagrehistro siya para sa ikapitong grado.

### **Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?**

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kinakailangang pisikal na pagsusuri para sa mga mag-aaral ng ikapitong baitang at para makapag-print ng mas maraming kopya ng Form 14, bisitahin ang [www.hawaiipublicschools.org](http://www.hawaiipublicschools.org) at hanapin ang "Physical Exam."

Salamat sa pagsuporta sa kalusugan ng inyong anak!